


Kuwento ni
Marites R. Santiago

Guhit ni
Emmanuel Louis G. Frias

***Yehey! Walang Pasok***

*Maikling Kuwento sa MTB, ESP, Filipino, Araling Panlipunan at Matematika*

***MT3RC-Ia-b-1.1.1*** *Notes important details in grade level narrative text: Character, setting, plot, problem and solution*

***EsP3PPP-IIIi-18*** *–Nakapagpanatili ng ligtas na pamayanan sa pamamagitan ng pagiging handa sa sakuna o kalamidad.*

***F3WG-IIg-j-3.1*** *Nagagamit ang panghalip bilang pamalit sa pangngalan anyo ng (nito, niyan, noon, niyon)*

***AP3LAR-Ig-h-11*** *Natutukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya*

***M3ME-Iva-8*** *Measurement – Visualizes, represent, and converts time measure from seconds to minutes, minutes to hours, and hours to a day and vice versa*

"For ReadEx Purposes Only"

Ang kuwentong ito ay orihinal isinulat ni MARITES R. SANTIAGO at iginuhit ni EMMANUEL LOUIS G. FRIAS

Karapatang ari©2018. Isinulat ni MARITES R. SANTIAGO at iginuhit ni EMMANUEL LOUIS G. FRIAS, Sangay ng mga Paaralang Panlungsod, Lungsod Quezon.

“For Reading Purposes Only”

YEHEY! WALANG PASOK!

"For ReadEx Purposes Only"


Yehey!

Tak! Tak!ooosh! Hussshhhhhh!

“Ada, bumangon ka! Usog! Usog!  Isasara ko ang  bintana! Hay! Ang lakas ng ulan,” pasigaw na pagsasalita ni Aling Aini.


Ang ihip ng hangin ay lalong lumalakas at ang patak ng ulan ay dumadalas. Napakalamig na ng paligid. Isinara ni Aling Aini ang mga bintana at binalikan si Ada.

“Hmm…. ‘Nay ang lakas ng ulan, umaanggi!” wika nitong nakapulupot sa kumot.

"Siguradong wala na namang pasok bukas.” wika ni Aling Aini.

“Yehey! Walang pasok bukas!” sa loob-loob ni Ada.

“For ReadEx Purposes Only”


"For Reading Purpose Only"

Tama nga si Inay, walang pasok! May tubig na sa daan, malakas pa rin ang ulan. Halos di makita ang paligid sa sobrang lakas ng ulan. Walang katao-tao sa daanan. Mayroon man, tinatangay ang payong ng malakas na ulan. Mga bintana ng kapitbahay ay sarado, habang ang mga kawad ng koryente ay naghahampasan.

"Masarap sanang maglaro sa ulan! Kaso nakakatakot, sa dami ng dumi at basura. Mga papel, bote, at iba't ibang basura. Ayokong magkasakit." sa isip-isip ni Ada.


"For Reading Purpose Only"



Nasubukan ko nang maligo sa ulan. Ang saya! Malamig, malakas ang buhos ng ulan, at malayang nakakapaglaro. Masayang magpatintero at maghabulan. Malaya ka dahil walang sasakyang dumadaan. Kumpleto ang mga kaibigan kong sina Roger, Boyet, Pipay, at Jakson.

Malaya kaming naghahabulan, nagtatayaan at nagtatawanan sa ilalim ng malakas na ulan. Salamat na lang at walang kulog at kidlat. Napakasayang maging bata sa panahon ng tag-ulan.

"For ReadEx Purposes Only"



Kinabukasan, matapos ang kasayahan, gumising akong mabigat ang katawan.

May sugat pala ako sa paa! Di ko napuna, may galos at sugat ako.  Mabigat din ang aking ulo at tumutulo ang sipon sa ilong.

Tinawag ko ang aking inay: tama ako. Nilalagnat ako at tuluyan nang nagkasakit. Kapalit ng saya, sipon, at ubo ang naranasan ko pagkatapos. Hindi talaga tamang nagbababad sa ulan kahit gaano pa ito kasaya.

"For ReadEx Purposes Only"




“For Purposes Only”

Dito na lang ako sa loob ng bahay. Hay! Ano nga bang puwedeng gawin kapag umuulan?

Kumain! Masarap ang lugaw, sopas, o mainit na sabaw at nakatatanggal ng ginaw.  Goto, ginataang mais, o tsamporadong maraming gatas, malapot, at mainit na sabaw.  Ang mainit na pagkain ay nagpapakalma ng malamig na pakiramdam.  Masarap kumain sa panahon ng taglamig.  Mainit na tsaa, tsokolate, o gatas.

Manood ng tv, computer, makinig ng radyo, o maglaro ng telepono ni kuya. Kaso wala namang koryente dahil sa sobrang lakas ng ulan.

"For ReadPH Purposes Only"








“For ReadEx Purposes Only”

Ano nga ba ang puwedeng gawin sa tag-ulan? Naalala ko, magligpit ng mga hinigaan, unan, at kumot sa silid ko. O kaya ay magpalit ng punda, kumot, at takip ng higaan.  Ipagpag ang kama sa tulong ni Inay.  Walisin ang sahig at magtapon ng basura.  Ligpitin ang kabinet ng damitan.

Ah, oo nga!  Magwalis at magpagpag ng kama.  Tunay ngang maraming magagawa kung tayo ay nagsisimula sa ating tahanan.

"For ReadEx Purposes Only"




"For ReadEx Purposes Only"

Sa *durabox* ko, nakalabas na ang mga damit na naipit sa paghila. Teka, mailigpit nga. Sa araw-araw na pagkuha ng damit, kabinet ko ay di ko maligpit. Si Inay ang tanging nag-iimis. Lagayan ng panloob, medyas, at sando, madalas ay nagkakahalo-halo.

Paggising nang madalian, nagiging madalian ang pagkilos. Minsan, nakakaligtaan itong balikan.

Hay! Naghintay pa ng tag-ulan ang kabinet upang maayos. Salamat sa tag-ulan. Pipiliin ko na rin ang mga damit na naliitan. Sa mga nangangailangan, tulong ay mailalaan.

"For Readers Purposes Only"


"For ReadEx Purposes Only"

Nakita ko ang bag ko sa ibabaw ng mesa. Punong-puno ito. Naku! Oo nga pala marami akong nailagay na kalat mula sa aking klase kahapon-balat ng kendi sa reses, lukot na papel sa Araling Panlipunan, putol na krayola sa Sining, at mga ballpen na walang tinta. Ang nalukot na folder ng pagsusulit sa Math, mga gomang putol, pogs, at teks. Eroplanong papel at pinagtasahan ng lapis, baling ruler, at durog na pambura!

Hay, pambihirang bag! Kung nakakapagsalita lamang ito!

"For ReadEx Purposes Only"



"For ReadEx Purposes Only"

Natapakan ko ang sapatos kong nakabuka ang suwelas dahil sa madalas na basang panahon. Nilulusong ko ito madalas sa baha. Lagi na itong pinatutuyo sa likod ng refrigerator. Rubber shoes ang pamalit ko sa sapatos na ito. Sabi ni Inay, ingatan ko daw ito. Mahal daw ang balat na sapatos.

At ngayon, nakabuka ang suwelas nito. Humiwalay na ang pagkakadikit ng suwelas at balat ng sapatos.  Sayang naman, maaari pang idikit at muling magamit.

“Kuya, tulungan mo nga akong magdikit nito,” malambing kong wika kay Kuya.

“For ReadEx Purposes Only”




"For ReadEx purposes Only"

Pagkatapos magdikit, inilabas ko ang mga kuwaderno ko at aklat. Inunat ko ang mga lukot at tuping pahina ng aking aklat at kuwaderno. Pinagpag ko ang bag, at kinolekta ang mga kalat sa loob nito. Itinapon at itinabi ko ang mga puwede pang gamitin.

Sadya nga yatang ang malakas na ulan lamang ang dahilan para malinis at maayos ko ang bag kong kapiling sa pagkatuto.

Tulad ng bag ko, kailangang maging matibay at maayos din ako sa pag-aaral ko.

"For ReadEx Purposes Only"


"For ReadEx Purposes Only"

Hay! Ang sarap talaga pag umuulan. Ang hirap kumilos at masarap mamaluktot.


Naalala ko na, sabi nga pala ni Roger, hindi maintindihan ang sulat ko.

Kailangan ko daw magsanay sumulat. Aralin ko daw ang tamang pagsulat ng kurba at dikit-dikit. Magsanay daw ako sa malaki at maliit na titik F, S, B, Z, K, M at N. Natututunan daw ito sa madalas na pagsasanay. Kusang–loob na matututo at gagaling sa pagsusulat.

Oo, heto na magsusulat na.

Huwag daw balewalain ang pagsasanay sa pagsusulat.

"For Reading Purposes Only"



"For ReadEx Purposes Only"

Dapat makapagsanay ako kahit tatlumpung minuto man lang. Minuto! Ayun pa, hindi ko maintindihan ang orasan! Kailangan kong balikan ang aralin sa orasan. Ang isang oras ay ilang minuto?


Ilang segundo mayroon ang isang minuto?

Ilang oras mayroon sa isang araw?

Ilang minuto mayroon sa isang araw?

Ilang araw mayroon sa isang buwan? Tamang mag-aral hangga’t wala pang pasok at malakas ang ulan. Humanda sa ilalim ng malakas na ulan.

“For ReadEx Purposes Only”



"For ReadEd Purposes Only"

Kailangan ko nga rin palang magbasa.

Kailangang aralin ang pag susunod-sunod ng pangyayari sa kuwento. Sino ang mga tauhan? Saan naganap ang mga pangyayari?
Ayun pa, ano ang unang pangyayari? Ano ang sumunod? Ano ang natutunan mo sa kuwento? Kung ikaw ang pangunahing tauhan, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa? Isulat ang mga katangian ng bawat tauhan sa isang salita.

Hay, tag-ulan, nakakatulong ka pala sa oras ng pag-aaral sa tahanan.

"For ReadEx Purposes Only"



Sa panahong malamig at basa ang paligid, masarap ding kausapin si Inay tungkol sa mga pangyayari sa paaralan – sino daw ang kaibigan ko, sino ang pinakamatalino, sino-sino ang mga guro ko.


Si Lola na walang binanggit kundi ang masakit na tuhod at balakang, nais pa rin daw niyang mamasyal pag siya ay gumaling.

Si bunso at ang kanyang mga laruang manika at luto-lutuan.

Si Kuya at ang maganda niyang katabi sa upuan sa eskuwela.

Masayang makipagtawanan at biruan sa mga kapamilya tuwing malakas ang ulan.

"For Read Purposes only"


"For Read-Ex Purposes Only"

Minsan, hindi maiiwasang mautusan. Hayan na si Lola, magpapatanggal ng puting buhok. Ipapahanap ang maiksi at pinong puting buhok. Marami daw at makati.

"Lola, piso po isa," wika ko sabay tawa. Sobrang sayang kausap ni Lola. Maraming-maraming kuwento at paalala. Maraming kuwento ng kanyang kabataan at ng aking ina.

Maraming tawa at biruan. Maraming alaalang sumasabay sa buhos ng malakas na ulan. Alaalang tulad ng tubig sa pagdaloy--tuloy-tuloy tulad ng panahon.

"For ReadEx Purposes Only"



"For Reading purposes Only"

Masarap pa rin talaga pag tag-ulan. May oras para sa mga gawaing nakakaligtaang gawin. May oras sa mga bagay na dapat gawin.


May oras para sa pamilya at mga kamag-anak, masayang tawanan, at kuwentuhan sa hapag-kainan.

May oras para sa mga bagay na nangangailangan ng atensyon at pagmamahal. May oras para sa pag-aalaga at pagkalinga.

May oras para ayusin ang mga dapat ayusin at kumpunihin.

Tulad ng tag-ulan, may panahon lang ngunit alam nating dapat itong maranasan at magamit nang tama.

For ReadEx Purposes Only




Hahummm!  Inaantok na ako.

Madilim na naman.  Malakas ang parating na ulan. Nakakaantok ang mga kamay ni Inay na patuloy humahagod sa aking buhok.

Masarap talagang magpakuto kay Inay kung tag-ulan. Bawat hawi ng buhok ko ay sadyang nakakaantok. Napakapanatag ng pakiramdam sa mapag-arugang kamay ng aking Ina. Masarap maramdaman ang muling paghiga sa kanya habang kinukutuhan. Wala na ni kuto o lisa paggising ko.

"For ReadEx Purposes Only"


"For ReadEx Purposes Only"

Masaya talaga kapag walang pasok.  Masaya ang oras na naibibigay sa mga importanteng bagay na madalas lang nating nakakaligtaan.

Bukas sana, may pasok na.
Handa na ako para bukas.
Handa nang muling matuto at harapin ang mga gawain sa paaralan.
Handa nang ngumiti at tumawa. Handa nang sumulat at bumasa.
Handa nang magbilang at umunawa.

Sana, bukas huminto na ang ulan.

Basta! Handa na ako bukas!

"For ReadEx Purposes Only"


"For Readers Purposes Only"



Ang manunulat na si  Marites R. Santiago ay isang guro mula sa Mababang Paaralan ng Holy Spirit sa Lungsod ng Quezon.  Siya ay labindalawang taong guro at kasalukuyang dalub-guro ng paaralan nabanggit.

Para sa kanya ang pagsakay ng dyip ay maituturing na kultura.  Ang dyip ay bahagi na ng buhay ng bawat Pilipino. Maraming kuwento ang nabubuo sa pagsakay ng dyip.

Anim na taon siya nang unang sumakay ng dyip mag-isa.




Ang gumuhit ng Ada Series at nanatiling naniniwala sa kuwento ni Ada. Si G. Emmanuel Louis G. Frias ay guro ng Mababang Paaralan ng Holy Spirit, Quezon City.

Siya ay mahilig magpinta, kumuha ng larawan, magbuo ng model kit, at manuod ng videos.

Naniniwala siya na ang karunungan ay dapat ibahagi sa iba. Ang sining, para sa kanya, ay parang buhay. Ikaw ang mamimili kung saan ka lalago at makapagpapakita ng ningning.

Sa Pilipinas, kung saan maya't maya ang pag-ulan sa panahon kung saan simula na rin ng pasukan sa eskwela – maladas may anunsyo na walang pasok.

Ano nga ba ang puwedeng gawin kapag ganitong tag-ulan?

Masaya nga bang maglaro sa ulan?

Ano-ano ang mga bagay na maari mong gawin sa panahong basa at malamig ang paligid?

Samahan ang bidang si Ada sa pagtuklas kung bakit masaya kapag walang pasok dahil sa ulan.

Ikaw, ano ang ginagawa mo kapag walang pasok dahil sa ulan?